

Nobyembre 1, 2021

Kautusang Tagapagpaganap 2021-29

**KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP NA NAGPAPATUPAD NG KOMPREHENSIBONG
PAMAMARAAN
SA PAGBAWAS NG KARAHASAN DAHIL SA BARIL SA ILLINOIS**

SAPAGKAT, ang karahasan dahil sa baril ay isang pampublikong krisis sa kalusugan na nangangailangan ng sama-samang atensyon ng mga tagagawa ng patakaran, mga serbisyong panlipunan at mga tagapagbigay ng kalusugang pangkaisipan, mga organisasyong nakabatay sa komunidad, at mga residente sa buong Illinois; at,

SAPAGKAT, sinisira ng karahasan dahil sa baril ang mga komunidad sa buong Estado, kapwa sa pamamagitan ng agarang pagkawala ng buhay at sa pangmatagalan at nakakapinsalang epekto ng trauma na nararanasan ng mga biktima, mga saksi, at mga residente ng komunidad; at,

SAPAGKAT, ang karahasan dahil sa baril ay nagreresulta sa malaking bilang ng maiiwasang pinsala at pagkamatay na nakakaapekto sa panlipunan at kagalingan pang-ekonomiyang ng mga residente ng Estadong ito; at,

SAPAGKAT, kinikilala ng Estado ng Illinois na ang karahasan dahil sa baril ay may malubhang epekto sa Black, Latinx, at iba pang mga komunidad na hindi puti bilang resulta ng sistematikong kapootang panlahi; at,

SAPAGKAT, ang pagkakalantad sa karahasan ay nakakaabala sa pag-unlad ng kabataan, nakakapinsala sa kalusugan ng isip at pisikal, at pinapataas ang posibilidad ng mga peligrong kagawian, kabilang ang karahasan sa hinaharap; at,

SAPAGKAT, ang American Public Health Association (APHA) ay nanawagan para sa isang trauma-informed approach upang matugunan ang mga sanhi ng karahasan sa Estados Unidos; at,

SAPAGKAT, ang trauma-informed approach ay isinasaalang-alang ang karahasan bilang higit pa sa pagkilos ng "masasamang indibidwal" at sa halip ay isang negatibong resulta sa kalusugan na nagreresulta mula sa eksposyur sa maraming mga kadahilanan ng panganib, kabilang ang sistemiko at institusyonal na trauma; at,

SAPAGKAT, nanawagan ang APHA sa mga ahensya ng lokal, estado, at pederal na pamahalaan na gamitin, mamuhunan, palawakin, at suportahan ang mga evidence-based at mga maaasahang mga pamamaraan sa pampublikong kalusugan sa pagpigil ng karahasan; at,

SAPAGKAT, ang paggamit ng pamamaraan sa pampublikong kalusugan ay maaaring epektibong mabawasan ang krimen at karahasan na nauugnay sa baril sa pamamagitan ng sistematikong pag-aaral ng datos ng karahasan dahil sa baril at ang mga determinasyon nito upang ituon ang mga pagsisikap at gabayan ang mga programa, serbisyo, at mga pagbabago sa patakaran; at,

SAPAGKAT, ang mga manggagawa sa pangkalusugan ng komunidad, mga nars, at mga navigator at promotor ng pasyente ay kadalasang nakakaalam ng mga potensyal na marahas na kalagayan sa mga tahanan at komunidad bago pa sila magpakita sa isang gawain ng karahasan dahil sa baril; at,

SAPAGKAT, ang kanilang paglahok sa mga evidence-based na programang interbensyon sa karahasan sa komunidad ay nagpakitang nabawasan ang mga pagpatay ng hanggang 60 porsyento; at,

SAPAGKAT, ang mga boses ng mga pinaka-apektado ng karahasan dahil sa baril ay kailangang bigyang-kaalaman ang mga patakarang at kasanayang idinisenyo upang bawasan ang karahasan; at,

SAPAGKAT, ang Estado ng Illinois ay nakatuon sa pag-deploy ng patas, agaran, at pangmatagalang mga interbensyon na may kaalaman sa trauma sa mga komunidad na pinakanaapektuhan ng karahasan dahil sa baril; at,

SAPAGKAT, ang Estado ng Illinois ay nakatuon sa pag-deploy ng lahat ng kinakailangang mapagkukunan upang bawasan ang karahasan dahil sa baril at upang panatilihin ang mga ilegal na armas sa labas ng Illinois; at,

SAPAGKAT, ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Illinois (IDPH, akronim nito sa Ingles), sa pakikipagtulungan sa Illinois Department of Human Services (Departamento), ay inatasan ipatupad ang *Underlying Causes of Crime and Violence Study Act* (410 ILCS 165/) upang tukuyin ang mga komunidad na may mataas na karahasan at bigyang-prioridad ang pagpopondo ng Estado upang matugunan ang mga sanhi ng krimen at karahasan; at,

SAPAGKAT, ginugol ng Illinois Criminal Justice Information Authority (ICJIA) ang nakalipas na dalawang taon sa pangunguna sa isang multi-sector na pagtutulongan na pagsisikap upang i-ugnay ang mga serbisyo sa pagpigil ng karahasan at bumuo ng isang 4 na taong Statewide Violence Prevention Plan; at,

SAPAGKAT, ang Reimagine Public Safety Act (430 ILCS 69/35) (Batas) ay lumikha ng Office of Firearm Violence Prevention (Tanggapan) sa loob ng Departamento upang tugunan ang isyu ng karahasan dahil sa baril dahil ito ay nakakaapekto sa kalusugan at kaligtasan ng publiko sa loob ng Estadong ito;

SAMAKATUWID, sa pamamagitan ng mga kapangyarihang ipinagkaloob sa akin ng Artikulo V ng Konstitusyon ng Estado ng Illinois bilang Gobernador ng Estado ng Illinois at alinsunod sa Batas, iniuutos ko ang mga sumusunod:

I. Pagpapatupad ng Reimagine Public Safety Act at Office of Firearm Violence Prevention

Seksyon 1. Dapat bigyan ang Departamento ng kapangyarihan na gamitin ang mga mapagkukunan ng Estado para sa pagpapatupad ng Reimagine Public Safety Act.

Seksyon 2. Dapat makipag-ugnayan ang Departamento, sa pamamagitan ng Office of Firearm Violence Prevention, sa iba pang mga ahensya ng Estado, munisipalidad, at iba pang mga yunit ng lokal na pamahalaan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pagpapatupad ng batas, mga community colleges, mga distrito ng parke, mga aklatan, mga lokal na departamento ng pampublikong kalusugan, at mga lokal na workforce development board, upang pigilan ang karahasan dahil sa baril at bawasan ang trauma sa mga residente ng Illinois na naninirahan sa mga pinaka-apektadong komunidad. Makikipagtulungan din ang Tanggapan sa mga ospital sa Illinois at mga tagapagbigay ng kalusugan na nakabatay sa komunidad, ICJIA, IDPH, at Illinois Departments Commerce and Economic Opportunity (DCEO) and Corrections (IDOC) upang ipatupad ang isang pamamaraan sa pampublikong kalusugan upang mabawasan ang karahasan dahil sa baril na naaayon sa *Underlying Causes of Crime and Violence Study Act* at bumubuo sa *Statewide Violence Prevention Plan* upang isama ang pampublikong kalusugan, kaligtasan ng publiko, mga serbisyo ng biktima, at mga sentro ng panunumbalik at serbisyo ng trauma

Seksyon 3. Sa loob ng Departamento, ang isang Assistant Secretary para sa Violence Prevention ang mamumuno sa Tanggapan at dapat mag-ulat ng lahat ng aksyong ginawa ng Tanggapan sa Kalihim ng Departamento at sa Tanggapan ng Gobernador.

Seksyon 4. Ang trabaho ng Assistant Secretary, ng Departamento, at ng Tanggapan ay dapat gabayan ng mga indibidwal na pinaka-apektado ng karahasan dahil sa baril, sa pamamagitan ng mga rekomendasyong nakalap at ibinigay, sa ilalim ng Batas, ng Mga Lokal na Advisory Council (sa labas ng Chicago) at Mga Lead Qualified Violence Prevention Convener (sa Lungsod ng Chicago). Dapat maghangad ang Tanggapan na suportahan ang anumang pagsisikap na pumipigil sa karahasan dahil sa baril, kabilang ang pagtuklas at paggambala ng transmisyong karahasan sa bahagi ng mga propesyonal na sinanay na mga manggagawa.

Seksyon 5. Ang mga agarang priyoridad, interbensyon, at pamumuhunan para sa Assistant Secretary, sa Departamento, at sa Tanggapan ay dapat bigyang-kaalaman ng agham, at ibabahagi sa isang Firearm Violence Research Group (FVRG). Ang FVRG ay dapat ayusin ng Tanggapan at isama ang mga eksperto sa paksa mula sa mga departamento ng unibersidad sa Illinois o mga yunit na dalubhasa sa datos sa karahasan dahil sa baril.

Seksyon 6. Dapat makipag-ugnayan ang Departamento sa isang institusyong pang-akademiko upang tumulong sa pananaliksik, pangongolekta ng datos, pagsusuri, at pagtatago, at pangkalahatang mga tungkuling administratibo. Maaaring magbigay ang institusyon ng pananaliksik at pagsusuri sa kung paano pagbutihin, palawakin, iakma, at baguhin ang mga taktika upang mamuhunan at magamit ang pinakamabisang pagsisikap, at upang bigyang-prioridad ang mga pamamaraan na nagpapakita ng epekto sa maraming masamang resulta (halimbawa, pagpigil sa o pagbabawas ng karahasan at paggamit ng droga).

Seksyon 7. Dapat tukuyin ng Departamento ang mga teknikal na tulong at tagapagbigay ng pagsasanay upang makipagtulungan sa mga organisasyon ng komunidad upang bumuo at magpatupad ng mga de-kalidad na serbisyo upang matugunan ang mga salik na nag-aambag sa lokal na karahasan dahil sa baril.

Seksyon 8. Ang Departamento, na nagtatrabaho, na naaangkop, kasama ang Illinois Departments of Healthcare and Family Services (HFS) at Children and Family Services (DCFS), IDOC, at ang Dibisyon ng Departamento sa Kalusugan ng Pag-iisip, ay makikinabang, makakadagdag, at magpapahusay sa mga kasalukuyang mapagkukunan ng kalusugan ng pag-iisip upang tumulong sa panunumbalik mula sa trauma ng mga indibidwal na nalantad sa karahasan dahil sa baril. Maaaring kabilang sa mga mapagkukunang ito, ngunit hindi limitado sa, mga mapagkukunan ng serbisyong panlipunan na ginagamit upang tugunan ang pagpigil sa pagpapakamatay, pagsasanib sa gang, kawalan ng seguridad sa pagkain, pagkakaiba sa kita, kawalan ng kapanatagan sa pananalapi at pabahay, at talamak na pagkakasangkot sa hustisyang kriminal. Dapat pangasiwaan at itatag ng Tanggapan ang mga koneksyon na mamamagitan, proteksyon ng bata, o mga serbisyo sa pamamahala ng krisis, kung naaangkop.

Seksyon 9. Dapat suportahan ng Tanggapan ang mga pagsisikap na magtatag ng isang database para sa pagsubaybay sa karahasan habang nangyayari ito sa mga komunidad ng Illinois. Ito ay magbibigay-kaalaman sa mga organisasyon sa pagpigil sa karahasan na may real-time na datos tungkol sa mga pinsala at pagkamatay dahil sa baril. Maaari rin itong gamitin upang suportahan ang mga pagsisikap ng pamahalaan sa paghahanda sa emerhensiya at makakadagdag sa mga kasalukuyang imbakan ng datos ng karahasan ng Estado at pederal, kabilang ang *National Violent Death Reporting System* ng Center for Disease Control. Dapat gamitin ang impormasyon mula sa gawaing ito upang makabuo ng datos at predictive analytics upang mapigilan at mabawasan ang karahasan dahil sa baril sa mga komunidad, na may espesyal na pagtuon sa pagtukoy ng mga paraan upang mabawasan ang mga hindi pagkakapantay-pantay na nauugnay sa karahasan.

Seksyon 10. Bilang karagdagan sa Batas, ang Departamento ay pinahihintulutan na lumikha at mag-deploy ng mga mapagkukunang edukasyon at pagsasanay sa mga lugar ng Estado na tinutukoy nito na lubos na apektado ng karahasan dahil sa baril. Maaaring kabilang sa mga naturang mapagkukunan, ngunit hindi limitado sa, pagtukoy sa mga kabataang nasa panganib at pagbibigay ng mga serbisyo sa pagpapaunlad ng kabataan, kabilang ang pagsasanay sa karera at mga serbisyo sa paglalagay ng trabaho.

II. Pangligtas na Sugnay

Wala sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ang maaaring ipakahulugan upang salungatin ang anumang pederal at pang-Estadong batas o regulasyon. Wala sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ang makakaapekto o makakapagpabago sa mga umiiral na kapangyarihang ayon sa batas ng alinmang ahensya ng Estado o maipakahulugan bilang muling pagtatalaga o muling pagsasaayos ng anumang ahensya ng Estado.

III. Mga Naunang Kautusang Tagapagpaganap

Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay humahalili sa anumang salungat na probisyon ng anumang iba pang naunang Kautusang Tagapagpaganap.

IV. Sugnay na Naghihiwalay

Kung ang alinmang bahagi ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay napatunayang hindi wasto ng isang korte na may karampatang hurisdiksyon, ang mga natitirang probisyon ay mananatiling ganap na may bisa at epekto. Ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay maaaring ihiwalay.

V. **Petsa ng Pagkabisa**

Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay magkakabisa kaagad sa oras na maihain ito sa Kalihim ng Estado.

JB Pritzker, Governor

Inisyu ng Gobernador Nobyembre 1, 2021
Iniain ng Kalihim ng Estado Nobyembre 1, 2021